






| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdresources.com for more | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am MARIANNE MANALO PUHI | Learning Area: | MTB |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 11 - 15, 2023 (WEEK 3) | Quarter: | 1ST QUARTER |




| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | Nakabibigkas nang may kawilihan ng 3-5 saknong na tugma/tula na angkop sa sariling kultura.<br>Nakapagbibigay ng mga salitang magkatugma upang makabuo ng 2-3 saknong na tula<br>Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito | Naipahahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan<br>Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito<br>Nasasabi ang tampok na katangian ng tula<br>Nakababasa ng maikling tugma o tula at natutukoy ang salik (basic elements) nito tulad ng ritmo at tugma | Naipahahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan<br>Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito<br>Nasasabi ang tampok na katangian ng tula<br>Nakababasa ng maikling tugma o tula at natutukoy ang salik (basic elements) nito tulad ng ritmo at tugma | Nababaybay nang wasto ang mga salita na ginamit sa tugma o tula<br>Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay sa pagbasa<br>Naipakikita ang kagustuhan sa pagbasa at pakikinig ng tula sa pamamagitan ng pagsulat/paglikha ng sariling tula o tugma | Nasasagutan ang inihandang pagsusulit ng may 85% na antas ng pagkatuto |
| **A.Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards)** | demonstrates knowledge of and skills in word analysis to read, write in cursive and spell grade level words | possesses developing language skills and cultural awareness necessary to participate successfully in oral communication in different contexts.<br>demonstrates knowledge of and skills in word analysis to read, write in cursive and spell grade level words<br>demonstrates understanding of grade level narrative and informational texts. | possesses developing language skills and cultural awareness necessary to participate successfully in oral communication in different contexts.<br>demonstrates knowledge of and skills in word analysis to read, write in cursive and spell grade level words<br>demonstrates understanding of grade level narrative and informational texts | demonstrates the ability to formulate ideas into sentences or longer texts using conventional spelling.<br>demonstrates expanding knowledge and use of appropriate grade level vocabulary and concepts.<br>demonstrates positive attitude towards language, literacy, and literature | |
| **B.Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards)** | applies word analysis skills in reading, writing in cursive and spelling words independently | uses developing oral language to name and describe people, places, and concrete objects and communicate personal experiences, ideas, thoughts, actions, and feelings in different contexts.<br>applies word analysis skills in reading, writing in cursive and spelling words independently<br>uses literary and narrative texts to develop comprehension and | uses developing oral language to name and describe people, places, and concrete objects and communicate personal experiences, ideas, thoughts, actions, and feelings in different contexts.<br>applies word analysis skills in reading, writing in cursive and spelling words independently<br>uses literary and narrative texts to develop comprehension and | uses developing knowledge and skills to write clear and coherent sentences, simple paragraphs, and friendly letters from a variety of stimulus materials.<br>uses expanding vocabulary knowledge and skills in both oral and written forms.<br>values reading and writing as communicative activities. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | appreciation of grade level appropriate reading materials. | appreciation of grade level appropriate reading materials. | | |
| **C.Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan (Learning Competencies / Objectives)** | Read with understanding words with consonant blends, clusters and digraphs when applicable MT2PWR-Ic-d-7.4 | Relate one's own experiences and ideas related to the topics using a variety of words with proper phrasing and intonation. MT2OL-Ic-d-10.1 Read with understanding words with consonant blends, clusters and digraphs when applicable MT2PWR-Ic-d-7.4 Give the correct sequence of 3-5 events in a story. MT2RC-Ic-d-2.1.1 | Relate one's own experiences and ideas related to the topics using a variety of words with proper phrasing and intonation. MT2OL-Ic-d-10.1 Read with understanding words with consonant blends, clusters and digraphs when applicable MT2PWR-Ic-d-7.4 Give the correct sequence of 3-5 events in a story. MT2RC-Ic-d-2.1.1 | Express ideas through poster making (e.g. ads, character profiles, news report, lost and found) using stories as springboard.(These writing activities are scaffold by the teacher.) MT2C-Ia-i-1.4 Use words unlocked during story reading in meaningful contexts. MT2VCD-Ia-i-1.2 MT2ATR-Ia-c-5.1 Express individual choices and taste for texts. MT2ATR-Ia-c-5.1 | |
| **II. NILALAMAN** | Modyul 3 IKATLONG LINGGO Pangunahing Pangangailangan | Modyul 3 IKATLONG LINGGO Pangunahing Pangangailangan | Modyul 3 IKATLONG LINGGO Pangunahing Pangangailangan | Modyul 3 IKATLONG LINGGO Pangunahing Pangangailangan | Lingguhang Pagsusulit |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | Prediction chart, word map, mga larawan | Prediction chart, word map, mga larawan | Prediction chart, word map, mga larawan | Prediction chart, word map, mga larawan | |
| **A.Sanggunian** | Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83, 87 | Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83,87 | Curriculum Guide sa 2016 Mother Tongue pahina 83,87 | Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83,87 Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | |
| **1.Mga pahina sa Gabay ng Guro** | 23-24 | 24-27 | 27-28 | 28-29 | 29-31 |
| **2.Mga pahina sa Kagamitang Pang Mag-aaral** | 19-21 | 21-23 | 21-23 | 24-25 | |
| **3.Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4.Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B.Iba pang Kagamitang Panturo** | Tula: Likas na Yaman - akda ni Anabelle F. Empleo<br>Pangunahing Pangangailangan- akda ni Rejulios M. Villenes<br>Sino ang may Sala?- akda ni John Lyndon V. Jorvina<br>Edukasyon- akda ni Anabelle F. Empleo<br>Isang Pangarap-akda ni Arlene E. Esguerra | Tula: Likas na Yaman - akda ni Anabelle F. Empleo<br>Pangunahing Pangangailangan- akda ni Rejulios M. Villenes<br>Sino ang may Sala?- akda ni John Lyndon V. Jorvina<br>Edukasyon- akda ni Anabelle F. Empleo<br>Isang Pangarap-akda ni Arlene E. Esguerra | Tula: Likas na Yaman - akda ni Anabelle F. Empleo<br>Pangunahing Pangangailangan- akda ni Rejulios M. Villenes<br>Sino ang may Sala?- akda ni John Lyndon V. Jorvina<br>Edukasyon- akda ni Anabelle F. Empleo<br>Isang Pangarap-akda ni Arlene E. Esguerra | Tula: Likas na Yaman - akda ni Anabelle F. Empleo<br>Pangunahing Pangangailangan- akda ni Rejulios M. Villenes<br>Sino ang may Sala?- akda ni John Lyndon V. Jorvina<br>Edukasyon- akda ni Anabelle F. Empleo<br>Isang Pangarap-akda ni Arlene E. Esguerra | |
| **IV:PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A.Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | 1. Panimulang Gawain<br>Ipabigkas ang tugma.<br>Uminom ka ng gatas<br>Ikaw ay lalakas<br>Kumain ka ng itlog<br>Ikaw ay lulusog. | 1.Paghahawan ng Balakid<br>Ipakita ang mga larawan sa LM pahina 21<br><br><br><br><br><br>Itanong kung ano-ano ito at ang gamit ng mga ito. | Balik-aral<br>Magkaroon ng balik-aral tungkol sa tulang "Pangunahing Pangangailangan" | Balik-aral<br>Ano-ano ang salik ng tula? | A. Pagtataya: Isulat ang letra ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.<br>Basahin ang tula.<br>Gulay na inihain<br>Ito nama"y pansinin<br>Ang berde nitong kulay<br>Bitamina ang taglay.<br>Nagdudulot ng sigla<br>Sa katawang mahina<br>Ito"y nagpapakinis<br>Sa nanunuyong kutis.<br>1. Tungkol saan ang tula?<br>a. sa katawan b. sa bitamina c. sa gulay |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B.Paghahabi sa layunin ng aralin** | Pagganyak<br>Itanong kung ano ang binabanggit sa tugma.<br>Itanong din kung magandang pakinggan ang hulihan ng bawat linya at bakit. | 2. Pagganyak<br>Ipabigkas muli ang tugma tungkol sa pag-inom ng gatas.<br>Itanong kung ano ang kabutihang naidudulot nito.<br>3. Pangganyak na Tanong<br>Ano ang paksa ng tula? Ano-ano ang pangunahing pangangailangan? | 2. Pagganyak<br>Ano –ano ang mga salitang magkakatugma sa tula? | 2. Pagganyak<br>Itanong kung paano nila binasa ang ang taludtod ng tula.<br>(sa paraan na papantig)<br>Ipabigkas ang kanilang pangalan nang papantig at ipasabi kung ilang pantig mayroon ito | |
| **C.Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Paglalahad/Pagmomodelo<br>Ipabasa ang tugmang “Likas na Yaman” sa LM pahina 19<br>Likas na Yaman<br>Akda ni Anabelle F. Empleo<br>Anyong lupa ay ating taniman<br>Anyong tubig ay huwag tapunan<br>Ang mga ito ay napagkukunan<br>Pangunahing pangangailangan<br><br>Pangalagaan likas na yaman<br>Anyong lupa o anyong tubig man<br>Alay para sa kinabukasan<br>Kabataang pag-asa ng bayan | Ipakuha ang LM sa mga bata.<br>Basahin mo ang tula nang tuloy-tuloy gamit ang tamang tono, baybay at paghahati ng mga salita sa bawat linya nito. Ipabasa ito sa mga bata ayon sa iyong ginawang pagbasa sa LM<br>Pangunahing Pangangailangan<br>Akda ni Rejulios Masaganda Villenes<br>Kailangan natin ang pagkain<br>Pampalakas na gabi at kanin<br>Pampalaki ang karne at gatas<br>Pampalusog ang gulay at prutas.<br>Kasuotan din ay kailangan<br>Panlalaki at pambabae man<br>Sweter , dyaket para sa tag-ulan<br>Sando at short kung tag-init naman.<br>Kailangan natin ang tirahan<br>Semento o yari sa kawayan<br>Proteksiyon sa init at sa ulan<br>Ng pamilya na nagmamahalan | Paglalahad<br>Ipabasa muli ang tula tungkol sa Pangunahing Pangangailangan sa LM sa pahina 21-22 | Paglalahad<br>Ipakita ang mga larawan sa LM.<br><br><br>Ipatukoy ang pangalan ng bawat larawan.<br>Ipabaybay ang salita sa mga bata sa paraang papantig. | 2. Ano ang taglay ng berdeng kulay nito?<br>a. bitamina b. mineral c. protina<br>3. Ano ang pinasisigla nito?<br>a. kamay na mahina b. binting mahina c. katawang mahina<br>4. Ilang saknong mayroon ang tula?<br>a. dalawa b. apat c. walo<br>5. Ilang taludtod mayroon ang isang saknong?<br>a. dalawa b. apat c. walo<br>6. Ilang ritmo mayroon ang tula?<br>a. anim b. pito c. walo<br>7. Ano ang tugma ng tula?<br>a. dalawahang tugma b. tatluhang tugma c. apatang tugma<br>8. Aling pares ng salita ang magkatugma?<br>a. berde-mahina b. kulay – taglay c. sigla – kutis |
| **D:Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Itanong kung tungkol saan ang tugma.<br>Ipabasa ang mga salita sa hulihan ng una at ikalawang saknong.<br>Itanong kung sa anong pantig nagtatapos ang bawat salita at kung magkakapareho ang tunog nito sa hulihan.<br>Pagbigayin pa ang mga bata ng mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan ng mga salita. | Pagsagot sa pangganyak na tanong:<br>Ano ang paksa ng tula? Ano-ano ang pangunahing pangangailangan? | Muling basahin ang tula. | Itanong kung paano ang ginawa nilang pagbaybay.<br>(Gawin ito hanggang sa mabaybay lahat ang mga salita.)<br>( Maaari pang magpabaybay sa mga bata gamit ang iba pang salita mula sa mga tulang napag-aralan upang lalong mahasa ang kanilang kakayahan sa pagbaybay.) | Isulat ang tamang baybay ng ngalan ng larawan.<br>9.  ___________<br>10  ___________ |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E.Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Basahin ang sa Gawain 1 na nasa LM sa pahina 20<br>Basahin ang tulang “Sino ang may Sala?” nang may tamang tono at papantig na baybay. Isulat ang mga salitang magkatugma sa iyong kuwaderno.<br>Sino ang may Sala?<br>Akda ni John Lyndon V. Jorvina<br>Ang panahon ngayon ay ibang-iba na<br>Kaunting ulan lamang, bumabaha na<br>Kasabay nito, paglutang ng basura<br>Masakit isipin ang katotohanan<br>Kalagayang ito, tao ang dahilan<br>Walang paggalang sa Inang Kalikasan.<br>Mga salitang magkatugma:<br>______________________<br>______________________<br>______________________________<br>_______________ | Ipagawa ang pangkatang gawain.<br>a. Pangkat I:Pagkain Mo, Pangkatin Mo!<br>Gumawa ng talaan ng tatlong pangkat ng pagkain gamit ang graphic organizer.Gawin ito sa kartolina.<br><br>b. Pangkat II: Kasuotan Mo, Iguhit Mo!<br>Iguhit ang iba‟t ibang kasuotang ginagamit natin kung taglamig, tag-init, at iba pa nating kasuotan . Isipin rin ninyo kung paano ninyo pangangalagaan ang inyong kasuotan.<br>c. Pangkat III: Tirahan Natin!<br>Gumuhit ng mga bahay na yari sa bato/semento at kawayan/pawid. Alin sa inyong iginuhit ang kagaya ng inyong bahay?<br>d. Pangkat IV: Makata ako!<br>Bigkasin ang isang bahagi ng tula nang may wastong tono at papantig na baybay.<br>Anyong lupa ay ating taniman<br>Anyong tubig ay huwag tapunan<br>Ang mga ito ay napagkukunan<br>Pangunahing pangangailangan. | Ilang pangkat ng linya mayroon ang tula? (4)<br>Ano ang tawag sa pangkat ng linya ng tula? ( saknong)<br>Ilang linya mayroon ang isang saknong? (4)<br>Ano ang tawag sa mga linya ng saknong? (taludtod)<br>Bigkasin nang papantig na baybay ang bawat linya o taludtod ng tula.<br>Ilang papantig na baybay mayroon ang bawat taludtod?(10)<br>Ano ang tawag sa bilang ng papantig na baybay ng taludtod? (Ritmo)<br>Magkakapareho ba ang bilang ng papantig na baybay sa lahat ng taludtod ng bawat saknong?<br>Ilan ang ritmo ng ating binasang tula? (may 10 ritmo) | Basahin ang bawat pangungusap. Ano ang salitang tinutukoy nito? Sagutin ito sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang baybay ng salita sa iyong papel.<br>1. Tataas ito kapag nag-aaral kang mabuti.<br>________________________<br>________________________<br>_<br>2. Ito ang susi ng iyong magandang kinabukasan.<br>________________________<br>________________________<br>_<br>3. Ito ang kinabibilangang pangkat ng tinapay, gabi, kamote, at kanin<br>________________________<br>________________________<br>_<br>4. Ito ang kinabibilangang pangkat ng karne, itlog, isda, manok, at gatas .<br>________________________<br>________________________<br>_<br>5. Ito ang kinabibilangang pangkat ng gulay at prutas .<br>________________________<br>________________________<br>_<br>. | B. Pantulong na Gawain<br>Isang Pangarap<br>Arlene E. Esguerra<br>O kay sarap mangarap<br>Na mamingwit sa dagat<br>Ang hanging nalalanghap<br>Dumadampi sa balat.<br>Sa pag-uwi ay bitbit<br>Ang mga isdang nabingwit<br>Pasalubong kay nanay<br>Masayang naghihintay.<br>1. Tungkol saan ang tula?<br>a. sa isang pangarap b. sa isang dagat c. sa isang isda<br>2. Ano ang pangarap ng may-akda?<br>a. mamingwit sa ilog c. mamingwit sa dagat<br>b. mamingwit sa lawa<br>3. Saan dumadampi ang hangin?<br>a. sa bangka b. sa laot c. sa balat<br>4. Sino ang naghihintay sa kaniya?<br>a. si nanay b. si tatay c. si kuya<br>5. Ilang saknong mayroon ang tula?<br>a. dalawa b. apat c. walo<br>6. Ilang taludtod mayroon ang isang saknong?<br>a. dalawa b. apat c. walo<br>7. Ilang ritmo mayroon ang tula?<br>a. anim b. pito c. walo<br>8. Ano ang tugma ng tula?<br>a. dalawahang tugma b. tatluhang tugma c. apatang tugma<br>9. Aling pares ng salita ang magkatugma?<br>a. berde-mahina b. kulay – taglay<br>c. sigla – kutis<br>10. Isulat ang tamang baybay ng ngalan ng larawan.<br> ___________ |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **F.Paglinang sa kabihasaan**<br>**( Leads to Formative Assessment )** | Gawain 2<br>Basahin ang tula. Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang saknong ng tula.<br>Pumili sa loob ng kahon. Sipiin ito sa iyong kuwaderno.<br>kinabukasan<br>marka halaga<br>kayamanan<br>kahirapan<br>Edukasyon<br>Akda ni Anabelle F. Empleo<br>Pag-aaral, bigyan ng<br>_______________<br>Takdang aralin, gawin na muna<br>Paglalaro"y isantabi sana<br>Lalong tataas ang iyong<br>_____________.<br>Pangaral ng magulang, tandaan<br>Edukasyon, tanging<br>_______________<br>Di mananakaw kahit ninuman<br>Sandata laban sa<br>_______________. | a. Tungkol saan ang tula?<br>Ano ang unang pangunahing pangangailangan natin?<br>Ano-ano ang pangkat ng pagkain?Ano-ano ang naidudulot nito sa atin?<br>Tunghayan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.<br>Ano ang dapat nating isaalang-alang sa pagkain batay sa 3 pangkat nito?<br>Ano ang dapat kainin ng mga batang katulad ninyo?<br>b. Ano pa ang ating pangunahing pangangailangan?<br>Ano-ano ang halimbawa nito?<br>Ano ang dapat isuot kung taglamig?Kung tag-init?<br>Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat II.<br>Paano natin pangangalagaan ang ating kasuotan?<br>c. Ayon sa tula,ano pa ang ating pangunahing pangangailangan?<br>Alamin natin ang mga halimbawa nito.<br>Panoorin at pakinggan natin ang Pangkat III.<br>Alin sa iniulat na tula ang katulad ng pagkakayari ng inyong bahay?<br>d. Saan galing ang mga pangunahing pangangailangang ito?<br>Ano ang dapat nating gawin sa ating mga anyong lupa at tubig?<br>Mahalaga ba ito?<br>Pakinggan ang tula ng Pangkat IV.<br>Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pangangalaga mo sa mga pinagkukunan ng pangunahing pangangailangan? | Balikan ang unang saknong ng tula.<br>Ano-ano ang magkatugmang salita sa hulihan ng taludtod?<br>Bakit magkakatugma ang mga ito?<br>(pagkain – kanin, gatas – prutas)<br>Ilan ang magkatugmang salita?(2).<br>Ano-ano ito?<br>Ilanang tugma ang ginamit sa tula .<br>(dalawahang tugma)<br>Tingnan ang ikalawang saknong.<br>Ano-ano ang magkatugmang salita sa hulihan ng saknong?<br>(kailangan, man, tag-ulan, at naman)<br>Kaya, ilang tugma ang ikalawang saknong? (isahang tugma) | Bigkasin ang ngalan ng bawat larawan. Isulat ang tamang baybay nito sa kuwaderno.<br><br>1. ____________<br><br>2. ____________<br><br>3. ____________<br>4.<br><br><br>5. | |
| **G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | Punan ang patlang ng wastong salita para mabuo ang tugma.<br>Masustansiyang pagkain | Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at | Pasagutan ang Gawain 3 sa LM pahina 22 | Idikta ang mga salitang mula sa tula.<br>1.panahon | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Sa hapag ay ___________<br>Kalusugan ay gaganda<br>Tiyak na tataas ang _______. | salitang magkatugma na nakasaad sa tula.<br>Pag-aaral, bigyan ng halaga<br>Takdang aralin, gawin na muna<br>Paglalaro"y isantabi sana<br>Lalong tataas ang iyong marka.<br>Ritmo ng tula:<br>_________________________________<br>Tugma ng tula:___________________________<br>Mga salitang magkatugma<br>_________________________________<br>_________________________________ | Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at<br>salitang magkatugma na nakasaad sa tula.<br>Pag-aaral, bigyan ng halaga<br>Takdang aralin, gawin na muna<br>Paglalaro"y isantabi sana<br>Lalong tataas ang iyong marka.<br>Ritmo ng tula:<br>___________________________________<br>Tugma ng tula:_______________________________<br>Mga salitang magkatugma<br>___________________________________<br>___________________________________ | 2. kalagayan<br>3. kalikasan<br>4. katotohanan<br>5. isipin | |
| **H.Paglalahat ng Aralin** | Ano ang tawag sa mga salitang magkakapareho ang tunog sa hulihan?<br>Ipabasa ang dapat tandaan sa LM sa pahina 20<br>Salitang magkatugma ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan ng mga salita. | Paano ninyo naunawaan ang Tula?<br>Ipabasa ang Tandaan<br>Tandaan:<br>May mga salik ang tula.<br>1. Ang ritmo ng tula ay nagsasabi kung ilang papantig na baybay ang isang taludtod.<br>Ang taludtoday ang linya sa saknong.<br>Ang saknong ay ang pangkat ng taludtod.<br>2. Ang tugma ng tula ay bilang ng salitang magkatugma na ginamit sa bawat saknong. | Ano-ano ang salik ng tula?<br>Ipabasa ang dapat tandaan sa LM pahina 22<br>May mga salik ang tula.<br>1. Ang ritmo ng tula ay nagsasabi kung<br>ilang papantig na baybay ang isang taludtod.<br>Ang taludtod ay ang linya sa saknong. Ang<br>Saknong ay ang pangkat ng taludtod.<br>2. Ang tugma ng tula ay bilang ng salitang magkatugma na ginamit sa bawat saknong. | Paano ang tamang pagbaybay ng mga salita?<br>Ipabasa ang Tandaan sa LM sa pahina 24<br>Baybayin nang papantig ang mga salita. | |
| **I.Pagtataya ng Aralin** | Tukuyin ang mga salitang magkatugma sa bawat taludtod ng tula.<br>Pagkalinga ng magulang<br>Ay isa ring pangangailangan<br>Kaligtasan at katahimikan<br>Dapat ding isaalang-alang.<br>Pangangailangan ito ng bawat kabataan<br>Huwag natin itong ipagkait | Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at<br>salitang magkatugma na nakasaad sa tula.<br>Pangaral ng magulang, tandaan<br>Edukasyon, tanging kayamanan<br>Di mananakaw kahit ninuman<br>Sandata laban sa kahirapan. | Tukuyin ang ritmo, tugma, at mga salitang magkatugma na ginamit sa bahaging ito ng tula.<br>Masakit isipin ang katotohanan<br>Gan"tong kalagayan, tao ang dahilan<br>Walang paggalang sa Inang Kalikasan<br>Ritmo:<br>_____________________________<br>Tugma:_____________________________ | Gumawa ng tulang may isang saknong at may apat na taludtod tungkol sa iyong paboritong laruan. Pansinin ang ritmo (bilang ng pantig sa isang taludtod) at tugmang gagamitin. Pansinin din ang tamang baybay ng mga salita. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Sikaping ito"y kanilang makamit<br>Sa ginagalawang pamayanan | Ritmo ng tula:<br>_______________________________<br>____<br>Tugma ng<br>tula:_________________________<br>________<br>Mga salitang<br>magkatugma___________________<br>_ | Mga salitang magkatugma<br>_________________________________<br>_______________<br>_________________________________<br>_______________ | Ang Aking Paboritong<br>Laruan<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>_________________________<br>__________________ | |
| **J.Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at<br>salitang magkatugma na nakasaad sa tula.<br>Pangaral ng magulang, tandaan<br>Edukasyon, tanging kayamanan<br>Di mananakaw kahit ninuman<br>Sandata laban sa kahirapan.<br>Ritmo ng tula:<br>_______________________________<br>____<br>Tugma ng<br>tula:_________________________<br>________<br>Mga salitang magkatugma<br>____________________<br>_______________________________<br>______________ | | | |
| **IV. MGA TALA** | | | | | |
| **V. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A.Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B:Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **C.Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **D.Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |
| **E.Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong?<br>F.Anong suliranin ang aking naranasan<br>na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **G.Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |